

Mga Tagubilin sa Pasyente

Mga Tagubilin sa Pangongolekta ng Stool

Binigyan ka na ng isa o mahigit pa sa sumusunod na mga lalagyan:


- Stool Culture na May Transport Medium – Cary Blair (Pink na Likido)
- Ova at Parasites na May Transport Medium - SAF Fixative (Malinaw na Likido)
- Malinis na Vial (Walang Likido)

Punuin ang lahat ng ibinigay na lalagyan. Huwag itapon ang likido.

Babala: Nakakalason ang likido. Huwag lunukin.




1 Umihi sa toilet kung kinakailangan .



2 **PLASTIC WRAP**


langat ang upuan ng toilet. Ilagay ang mga sheet ng plastic wrap (hal. Saran Wrap™) sa ibabaw ng toilet bowl, na nag-iiwan ng kaunting lubog sa gitna. Ibaba ang upuan ng toilet. Ilabas ang stool sa plastic wrap.



3 Bilang alternatibo, gumamit ng malinis na mangkok o isterilisadong arinola. Huwag hayaang dumikit ang ihi o tubig sa sampol ng stool.



4 Gamit ang kutsaritang nakakabit sa takip, ilagay ang madugo o malapot/maputi (mauhog) na mga bahagi ng stool (kung mayroon) sa mga lalagyan. Huwag paapawin ang (mga) lalagyan. Tandaan: Ilagay ang stool sa (mga) lalagyan ng kinolekta sa loob ng 30 minuto matapos itong ilabas.



5 (Mga) lalagyan na may likido: Magdagdag ng 2-3 kutsarita ng stool hanggang sa umabot ang likido sa “FILL LINE”. **Higpitang mabuti ang (mga) takip at kalugin para maghalo.**

Lalagyang malinis at walang laman:
Dagdagan ng stool hanggang sa “FILL LINE”
Higpitang mabuti ang takip.



6 Hugasan ang mga kamay ng sabon at tubig. Isulat ang Pangalan, Kapanganakan o Health Care Number, at Petsa at Oras ng pagkolekta sa bawat lalagyan. Ilagay ang (mga) lalagyan sa (mga) plastic bag at i-seal.



7 Ibalik ang (mga) lalagyan sa laboratoryo sa loob ng 24 na oras na pagkolekta. Ang mga pagkaantala ay maaaring makaapekto sa mga resulta ng test. Hanggang sa madala ang mga sampol sa laboratoryo, ipasok sa refrigerator.